

Pag-iwas sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho sa Pangkalahatang Industriya (Mga Setting na Hindi sa Pangangalagang Pangkalusugan) - Impormasyon para sa Mga Empleyado

Ayon sa Occupational Safety and Health Administration (OSHA), nakakaapekto ang karahasan sa lugar ng trabaho sa halos 2 milyong Amerikanong manggagawa taun-taon.

Ang iyong employer y inaatasang magtatag, magpatupad, at magpanatili ng isang epektibong nakasulat na Programa sa Pag-iwas sa Pagkapinsala at Pagkakasakit (Injury and Illness Prevention Program o IIPP), gayundin ang iba pang mga programang pangkaligtasan at pangkalusugan upang mabawasan ang iyong panganib na malantad sa mga peligro o panganib at maiwasan ang mga pagkapinsala at pagkakasakit sa lugar ng trabaho. Simula Hulyo 1, 2024, magiging responsable rin ang iyong employer sa pagtatatag, pagpapatupad, at pagpapanatili ng isang epektibong nakasulat na Plano sa Pag-iwas sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho (Workplace Violence Prevention Plan o WVPP).

Ilalarawan ng fact sheet na ito ng manggagawa ang karahasan sa lugar ng trabaho, ipaliliwanag ang apat na uri ng karahasan sa lugar ng trabaho, tutukuyin ang kinakailangang pagsasanay sa WVPP, irerekomenda kung paano maiwasan ang karahasan sa lugar ng trabaho, at ililista ang iyong mga karapatan sa ilalim ng mga iniaatas ng WVPP.

Ano ang karahasan sa lugar ng trabaho?

Ang kahulugan ng “Karahasan sa lugar ng trabaho” ay anumang kilos ng karahasan o banta ng karahasan na nangyayari sa lugar ng trabaho.

Ano-ano ang apat na uri ng karahasan sa lugar ng trabaho?

“Type 1 na karahasan”: Karahasan sa lugar ng trabaho na nagawa ng isang tao na walang lehitimong tungkulin sa lugar ng trabaho at kinabibilangan ng mga kilos ng karahasan ng sinuman na pumasok sa lugar ng trabaho o lumapit sa mga manggagawa na may intensyon na gumawa ng krimen.

“Type 2 na karahasan”: Karahasan sa lugar ng trabaho na ginawa sa mga empleyado ng mga parokyano / kustomer, kliyente, pasyente, estudyante, nakakulong / bilanggo, o bisita.

“Type 3 na karahasan”: Karahasan sa lugar ng trabaho laban sa isang empleyado na ginawa ng kasalukuyan o dating empleyado, superbisor, o tagapamahala.

“Type 4 na karahasan”: Karahasan sa lugar ng trabaho na ginawa sa lugar ng trabaho ng isang tao na hindi nagtatrabaho roon ngunit mayroon o alam na nagkaroon ng personal na relasyon sa isang empleyado.



Pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho

Ang mga employer ay kinakailangang magbigay ng pagsasanay sa mga empleyado tungkol sa WVPP nito kapag ito ay unang itinatag, sa panahon ng inisyal na pagsasanay, at bawat taon pagkatapos nito. Dagdag pa rito, kinakailangan ang pagsasanay kapag ang isang bago o dati nang hindi nakikilala o natutukoy na panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho ay natukoy o may mga pagbabagong ginawa sa WVPP ng isang employer.

Ang pagsasanay sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho ay dapat kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Paano isasali ang mga empleyado at ang kanilang mga kinatawan sa pagbuo at pagsasagawa ng WVPP.
- Paano makakakuha ng libreng kopya ng nakasulat na WVPP.
- Paano mag-uulat ng mga insidente o alalahanin sa karahasan sa lugar ng trabaho sa iyong employer o tagapagpatupad ng batas nang walang takot sa paghihiganti.
- Ano ang mga peligro o panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho para sa trabaho ng mga empleyado.
 - Paano itatama ng employer ang mga peligro o panganib na iyon.
 - Paano makakakuha ng tulong ang empleyado upang maiwasan o makatugon sa karahasan.
 - Mga mungkahi kung paano maiwasan ang pisikal na pinsala.

Paano makakatulong ang mga empleyado na maiwasan ang karahasan sa lugar ng trabaho?

Ipaalam sa iyong superbisor kung nalalaman mo ang anumang mga insidente ng karahasan sa lugar ng trabaho at/o kung may hinihinala kang anumang mga insidente, na maaaring kabilang ang:

- Pisikal o pasalitang pagbabanta laban sa isang empleyado.
- Mga hindi empleyado o estranghero sa lugar ng trabaho na tila gustong magdulot ng pinsala.
- Mga alingawngaw o usap-usapan ng posibleng karahasan sa lugar ng trabaho.
- Mga pagtatalo o pisikal na away sa pagitan ng mga katrabaho, kliyente at/o hindi empleyado.

Maging pamilyar sa mga pamamaraan na isinulat ng iyong employer kung paano:

- Tumugon at mag-ulat ng aktwal o potensyal na karahasan sa lugar ng trabaho sa iyong employer o tagapagpatupad ng batas.
- Humiling ng kopya ng WVPP.
- Lumikas o sumilong sa kaso ng mga emerhensiya sa karahasan sa lugar ng trabaho.
- Umiwas sa pisikal na pinsala at karahasan sa lugar ng trabaho.
- Sino ang dapat kontakin para sa mga tanong at sagot tungkol sa WVPP.

Paano nakakaapekto ang pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho sa mga dual-employer at pansamantalang (staffing) ahensya?

Kung ikaw ay isang pansamantalang manggagawa, ang iyong ahensyang nagbibigay ng tauhan at ang host employer ng iyong pinagtatrabahuan ay dapt parehas na responsable para sa iyong kaligtasan at kalusugan, at dapat kang protektahan laban sa mga peligro o panganib sa lugar ng trabaho. Ang mga ahensyang nagbibigay ng mga tauhan at ang host employer ay dapat magbigay sa iyo ng mga proteksyon sa lugar ng trabaho ayon sa iniaatas ng Cal/OSHA, tulad ng naaangkop na pagsasanay at personal na kagamitan sa proteksyon.

Ano-anong mga karapatan mayroon ang mga empleyado sa ilalim ng plano sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho?

Ang bawat empleyado ay may karapatan na:

- Mabigyan ng pagsasanay na naiintindihan nila, sa wikang naiintindihan nila.
- Humiling ng libreng kopya ng WVPP.
- Tumanggap ng mga sumusunod na uri ng mga talaan na nauugnay sa karahasan sa lugar ng trabaho para sa pagkopya at pagsusuri sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos ng kahilingan:
 - Pagkilala / Pagtukoy sa panganib sa karahasan sa lugar ng trabaho at pagsusuri nito
 - Pagsasanay
 - Mga tala ng marahas na insidente
- Mag-ulat ng isang marahas na insidente, pagbabanta, o iba pang alalahanin sa karahasan sa lugar ng trabaho sa employer o tagapagpatupad ng batas nang walang takot sa paghihiganti.

Ang lahat ng manggagawa ay may karapatan sa isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho, anuman ang katayuan sa imigrasyon, at maaaring maghain ng mga kumpidensyal na reklamo tungkol sa kaligtasan at mga panganib sa kalusugan sa lugar ng trabaho sa Cal/OSHA.

Para sa mga tanong o reklamo na may kaugnayan sa trabaho, makipag-ugnayan sa Cal/OSHA Call Center sa 833-579-0927. Ang mga kinatawan na gumagamit ng dalawang wika (bilingual) ay handang sumagot sa iyong mga tanong.

Marso 2024



Ang dokumentong ito ay makukuha kasama ng mga aktibong link sa www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications. Para sa tulong tungkol sa paksang ito, maaaring makipag-ugnayan ang mga employer sa Cal/OSHA Consultation Services at 1-800-963-9424 o sa InfoCons@dir.ca.gov www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html

© 2024 California Department of Industrial Relations

